

teach us
to pray



May kakaibang nangyayari kung nananalangin. Mahal ng Diyos kung nananalangin ang mga bata.

“Naririnig ko,” tugon ni Jesus. “Hindi ba ninyo nabasa sa kasulatan: ‘Pinalabas mo sa bibig ng mga sanggol at ng mga pasusuhin ang wagas na papuri?’” Mateo 21:16

Maraming isyu ng lipunan na hindi kinakailangang harapin ng mga bata at kabataan; mga problema na nagkakait sa kanila ng isang mapagmahal na pamilya na nilayon ng Diyos para sa kanila. Sa ika-21 anibersaryo ng World Weekend of Prayer, magtipon tayo ng isang milyong bata upang manalangin at makinig sa Diyos, ng kungsagayon ay magkaroon ng pagbabago na pangmatagalan.

TAYO AY MANALANGIN...

Pangoonng Hesus, Tulungan Mo ang bawat isa sa amin na magturo, sanayin at magbigay kakayahan sa mga bata sa pakikipag-usap at pakikinig sa Inyo sa panalangin, Bigyan Nyo po kami ng oportunidad upang ihayag ang inyong pagmamahal at kapangyarihan sa mga bata na nasa aming kalagitnaan. Na ang mga batang nasa panganib ay lumapit sa inyo sa panalangin at ipahayag Kayo sa iba pang nasa kanilang paligid. Panginoon, turuan Nyo po kaming manalangin. Amen.

SAMPUNG DAHILAN SA PAG-ORGANISA NG WORLD WEEKEND OF PRAYER

- 1. Pinagmulan** Sa panalangin nagmula ang Viva sa nakaraang dalawampu't isang taong.
- 2. Pagkakaisa** Maging anupaman ang denominasyon- lahat tayo ay maaaring manalangin. Isang malawakang lakas at inpluwensya.
- 3. Pagpapakumbaba** Tinutulungan tayong magpakumbaba sa Diyos.
- 4. Pokus** Nagbibigay ito ng malawakang kaalaman sa mga isyu ng mga batang nasa panganib.
- 5. Lakas** Nagbibigay enerhiya at layunin sa darating na taon.
- 6. Simpleng pagkilos** Walang tuntunin-walang komplikadong pamamaraan.
- 7. Pagpapalala** Ang mga tao ay kasali, may pagpapahalaga at nagbago.
- 8. Networks** Ang panalangin ay nagtatatag at nagpapalawak ng network.
- 9. Paglaya** Hayaang ang mga bata ang umakay sa atin!
- 10. Pagkilos**, maging inspirasyon at magsanay

MGA TALATA SA BIBLIYA

Minsan, nanalangin si Jesus sa isang lugar. Nang siya'y matapos, sinabi ng isa sa kanyang mga alagad, "Panginoon, turuan po ninyo kaming manalangin, tulad ng ginawa ni Juan sa kanyang mga alagad."
Lucas 11:1

Pinupuri ka ng mga bata't bagong silang, ikaw ay nagtayo ng isang tanggulan, kaya't natahimik ang lahat ng iyong kaaway.
Psalmo 8:2

Huwag kang pabigla-bigla sa panalangin. Isipin mo munang mabuti ang ipapangako mo sa kanya sapagkat nasa langit siya at ikaw ay nasa lupa. Mag-ingat ka sa pagsasalita.
Mangangaral 5:2

Dumating(A) ang isa pang anghel na may dalang gintong sunugan ng insenso at tumayo sa harap ng dambana. Binigyan siya ng maraming insenso upang ihandog sa dambanang ginto na nasa harap ng trono, kasabay ng mga panalangin ng mga hinirang ng Diyos. Mula sa kamay ng anghel ay tumaas sa harapan ng Diyos ang usok ng insenso kasabay ng mga panalangin ng mga hinirang ng Diyos.
Pahayag 8:3b, 4

Si Yahweh ay lumapit kay Samuel at muli itong tinawag, "Samuel, Samuel!" Sumagot si Samuel, "Magsalita po kayo, nakikinig ang inyong lingkod."
1 Samuel 3:10

Ngunit kapag manalangin ka, pumasok ka sa iyong silid at isara mo ang pinto. Saka ka manalangin sa iyong Ama na hindi mo nakikita, at ang iyong Ama na nakakakita ng ginagawa mo nang lihim ang siyang magbibigay sa iyo ng gantimpala.
Mateo 6:6

ANO ANG MAAARING GAWIN?

Ehemplo ng mga pangyayari sa nagdaang mga taon:

Italy: isang pagdiriwang puno ng panalangin ng mga bata, mga awitin, tula, pag-aayuno, pagtitipun at martsa sa boung bayan

Oxford, UK: Pagsamba ng Linggo ng gabi, may mga panalangin (patungkol sa mga lokal na proyekto kagaya ng Syria/Lebanon, Gaza/Palestine at mga sundalong bata), mga gawain ng mga bata sa simbahan, pagpapalabas ng isang video upang magbulay

Kansas, USA: okasyon sa mga pre-school hanggang Grade 8 (100 bata) ng panalangin (station), pagpupuri na pinamunuan ng mga estudyante, presentasyon ng WWP (may mga larawan at slides), may pagtatapos sa panalangin.

Mwanza, Tanzania: Araw ng panalangin na may handang pagkain, koro ng mga bata, drama, at grupo ng mga batang nanalangin

Guduru, India: panalangin, panambahan at proyekto; handaan pagkatapos ng panambahan sa isang bahay ampunan sa slum kung saan naroon ang simbahan, paghananap ng donasyon upang mapaunlad ang simbahan at makapagpakain ng mas maraming tao.

Wan Cha, Hong Kong: pagbulay-bulay at panalangin para sa mga bata, panambahan ng buong kongregasyon, pagpalaganap sa Viva link.

Zimbabwe, Harare: Mga batang nanalangin sa kanilang mga bahay ng Sabado, at lahatan kung Linggo sa simbahan.

Pumunta sa www.worldweekendofprayer.com para sa dagdag na detalye ng mapagkukunan ng mga sumusunod:

- Pagsasanay sa webinar para sa manggagawa ng simbahan, at mga lider kung papaano magturo ng panalangin at pakikinig sa Diyos
- Nailarawang aklat panalangin ng mga bata mula sa mga bata, ipinapakita ang istorya ni Ana, at larawan ng mg aisyu na kinakaharap ng mga bata.
- Virtual prayer space (panalangin sa internet), upang mabigyang puwang ang mga batang manalangin sa pamamagitan ng pag-'post' ng larawan at panalangin patungo sa mga araw papunta at pagkatapos ng WWP.

Sumali sa Facebook page sa [facebook.com/WWprayer](https://www.facebook.com/WWprayer) upang mabasa kung ano ang sinasabi at ginagawa ng iba

Ang kampanya ukol sa World Weekend of Prayer ay isang pandaigdigang inisyatibo na ginaganap tuwing unang huling Linggo ng Hunyo kada taon, na nagbubuklod sa libo-libong matatanda at mga bata sa 40 bansa. Ang Viva ay isang internasyunal na Christian charity, na nagbibigay ng inspirasyon sa pangmatagalang pagbabago sa buhay ng mga bata sa kapangyarihan ng sama-samang pagkilos ng 37 networks sa buong mundo.

powered by
Viva
together for children